# Katotohanan na hindi Ako magpapabaya sa pagdadasal ko (kay ALLAH) para sa inyo tulad ng ginawa ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagdarasal niya (kay Allah) para sa amin

Ayon kay Thābit buhat Kay Anas,katotohanang nagsabi siya:((Katotohanan na hindi Ako magpapabaya sa pagdadasal ko (kay ALLAH) para sa inyo tulad ng ginawa ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagdarasal niya (kay Allah) para sa amin.Nagsabi si Thābit: Si Anas ay gumagawa ng mga bagay na hindi ko nakikitang ginagawa ninyo:Kapag inaangat niya ang ulo niya mula sa pagyuko,nanatili ito sa pagtayo hangang sa masasabi ng tagapag-salita na:Tunay na nakalimot siya,at kapag inangat niya nag ulo niya mula sa pagpatirapa,mananatili siya hanggang sa masabi ng tagapag-salita na:Tunay na nakalimot siya))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

So Anas malugod si Allah sa kanya at nagsasabi: Magsusumikap ako na hindi ako magkukulang na magdarasal ako ( kay Allah ) para sa inyo tulad ng ginawa ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagdarasal (Kay Allah ) para sa amin upang masundan ninyo ito,at makapagdasal kayo ng tulad nito.Nagsabi si Thānit Al-Banānie: Si Anas ay gumagawa ng mga bagay mula sa pagiging ganap ng dasal at kagandahan nito,hindi ko ito nakikita sa inyo na ginagawa niyo ang tulad nito,Siya ay nagpapatagal sa pagtindig pagkatapos yumuko, at sa pang-upo Pagkatapos ng pagpatirapa.At kapag siya ay nag-angat sa ulo niya mula sa pagyuko,nanatili ito sa pagtindig hanggang sa masabi ng tagapagsalita:-dahil sa tagal niya tumindig-nakalimutan niya na siya ay nasa pagtindig,na nasa pagitang ng pagyuko at pagpatirapa.At kapag ini-angat niya ang ulo nito mula sa pagpatirapa,nagpapanatili hanggang sa masabi ng tagapag-salita -dahil sa tagal niya mag-upo- tunay na nakalimutan naman niya.